
LEVEL 3

# Leveled Reader
in Filipino


# Ang Kamera ni Tupe
## Kuwento ng Pagmamasid




Isinulat ni Phal Tithlyhong
Iginuhit ni Sin Thuokna



Gustong-gustong sundan ni Tupe ang mga yapak ng kaniyang amang litratista, ang tagakuha ng larawan sa nayon.




Gusto niyang maging kagaya nito. Nagsasanay siya sa pamamagitan ng pagkuha ng larawan ng kaniyang mga kaibigan gamit ang lumang kamera ng kaniyang ama.



Isang araw, mayroong isang malaking pagdiriwang sa nayon, ngunit ang kaniyang ama ay may sakit at hindi makapupunta. Hiniling sa kaniya ng kaniyang ama na siya ang pumunta kapalit nito bilang isang litratista.




Sa pagdiriwang, nakakita si Tupe ng mga hayop na nagsasayaw, kumakanta, at kumakain. Aling pangkat ang dapat niyang unahing kuhanan ng larawan? Nagpasiya siyang magsimula sa isang pamilya ng mga elepante. Madali lang iyon!



Pagkatapos ay kinuhanan niya ng mga larawan ang sumasayaw na mga giraffe. Masaya iyon!



Pagkatapos nito, umakyat ang dalawang daga sa kaniyang likuran at hiniling sa kaniya na kuhanan sila ng larawan.



Si Tupe ay kumuha nang kumuha ng maraming larawan ng mga daga, ngunit naging mahirap dahil sa liit ng mga ito.
Wala sa mga larawan ang may magandang kuha!



Hiniling ni Tupe sa mga daga na tumalon nang mataas at ngumiti, ngunit ulo lamang ng mga ito ang nakita sa larawan.



Sa pagdiriwang, nakakita si Tupe ng mga hayop na nagsasayaw, kumakanta, at kumakain. Aling pangkat ang dapat niyang unahing kuhanan ng larawan? Nagpasiya siyang magsimula sa isang pamilya ng mga elepante. Madali lang iyon!



Nabigo si Tupe na kumuha ng magagandang larawan ng mga daga. Paano niya makukuhanan ng larawan ang ganoong maliliit na hayop?



Sinubukan ni Tupe ang bawat posibleng paraan para makuhanan ng larawan ang pares ng daga.



Ngunit hindi pa rin nasiyahan ang mga daga sa mga larawan.



Habang nakikipag-usap si Tupe
sa mga daga, sinusubukan
niyang humanap ng ibang paraan
upang kuhanan ng larawan
ang mga ito. Isang parada
ang sumulpot mula sa
kaniyang likuran.




Bago niya napagtanto kung ano ang nangyayari, ang parada ay dumaan na sa kaniya at siya ay natumba sa lupa.



Nang bumagsak si Tupe, aksidenteng nakakuha siya ng maraming larawan. At sa hindi niya inaasahan, napakaganda ng mga larawang ito!



Nalaman ni Tupe na ang pinakamagandang paraan upang kuhanan ng larawan ang mga daga ay ang humiga sa lupa, kapantay ng mga ito.



Natutuhan ni Tupe na ito ang magandang posisyon sa pagkuha ng larawan ng maraming hayop.



Sa pagtatapos ng pagdiriwang, ipinakita ni Tupe ang mga larawang kuha niya upang magbigay ng kasiyahan sa lahat.



Mula noon ay palagi nang sumasama si Tupe sa kaniyang ama bilang isang totoong litratista.





DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation